# KATUTUBONG WIKA, SUSI SA PAG-SULONG SA MODERNONG PANAHON

*by:*
**OLIVER T. MAGTALAS**
*Teacher III, Limay National High School*

Isa ang Pilipinas sa mga bansa sa mundo na mayroong iba't ibang diyalektong ginagamit. Ayon sa datos na naitala ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), mayroong 135 na wikang ginagamit ang iba't ibang rehiyon sa bansa. Base naman sa inilabas na datos ng Philipine Statistical Authority (PSA) noong taong 2020, Tagalog ang nangunguna sa mga salitang ginagamit sa loob ng tahanan sa bansa at sumunod naman rito ang Bisaya, Hiligaynon, Ilokano at Cebuano. Ngunit, ano nga ba ang kahalagahan ng wika? May epekto ba itong dulot sa bawat indibidwal? Ito ba ay may kaugnayan sa siyensiya at teknolohiya upang mapaunlad ang isang bansa?

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang wika ay isa sa mga makapangyarihang aspeto sa mundo na maaring makatulong sa pag-unlad hindi lamang ng isang indibidwal kundi na rin ang isang bansa. Dahil dito, maari nating maipahayag ang ating mga kaisipan at makagawa ng komunikasyon sa ating kapwa. Sabi nga ni Manuel L. Quezon na ating Ama ng Wikang Pambansa, "Ang Wika ay siyang nagpapahayag ng mga kaisipan at mithiin ng isang bayan." Samakatuwid, ito ay nagsisilbing susi na maaring gamitin sa pagbubukas ng pinto patungo sa tagumpay at pagsulong ng isang bansa.

Napakalaking papel rin ang ginagampanan ng wika, dahil ito ang nagsisilbing instrumento upang magkaroon ng koneksyon ang bawat mamamayan, ito rin ang nagsisilbing gabay upang mapanatili ang pagkakaunawaan, kapayapaan at kaayusan sa isang komunidad na siyang makatutulong sa mas nagkakaisang nasyon na may iisang mithiin ang pag-angat ng antas ng pag-unlad. Nagsisilbing kayamanan rin ito na sumisimbolo sa ating mga Pilipino na maaring nating ipagmalaki sa buong mundo.

Sa katunayan, nito lamang Marso ng taong kasalukuyan, naglabas ang isa sa mga pamosong unibersidad sa United States of America na Harvard University ng panibagong kurso na kung saan ituturo ang Tagalog sa kanilang paaralan. Patunay lamang ito na patuloy ang pag-unlad at pagtaas ng kalidad ng ating wika na kung saan ay nakikilala na rin ito ng isa sa mga pinaka-maunlad na lugar sa buong mundo. Isa sa mga layunin nito ay upang maipakilala ang salitang Tagalog o Wikang Filipino sa mga mag-aaral na may dugong Pinoy na kung saan ay isinilang at lumaki sa America pati na rin sa ibang mga lahi na interesadong mag-aral o pag-aralan ang ganda at hiwaga ng ating wika. Kasabay ng kanilang pagkamulat sa wikang tagalog ay ang pagpapakilala rin sa mga tradisyon na mayroon tayong mga Pilipino. Makatutulong ito upang tuluyang makilala ang ating wika at kultura ng mga banyaga. Kasabay nito, maari na ring maisulong ang turismo ng bansa upang makatulong sa paglago ng ekonomiya.

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Hindi rin maikakaila na kahit nasa panahon na tayo ng ika-21 siglo na kung saan ay napakarami na ng mga imbensyon, ay patuloy pa ring tayong nakakasabay at hindi nagpapahuli sa paggamit ng mga modernong teknolohiya gamit ang ating wika. Isa na dito ang pagsalin sa wikang tagalog mula sa ingles sa mga aplikasyong-mobil o app gaya na lamang ng Google sa mga ginagamit nating kompyuter o selpon. Nakakagawa rin tayo ng mga bidyo gamit ang mga katutubong wika na maaring ilagay sa YouTube at iba pang mga sosyal medya na maaring mapanood sa buong mundo.

Ngunit, sa kabila ng pag-unlad na tinatamasa, hindi rin maitatago ang mga negatibong dulot nito sa wika at kaisipan ng mga Pilipino. Sa patuloy na pagsulong ng gobyerno sa pagpapakilala ng ating wika sa mga banyaga, ay siya namang tila paglimot at pagbaluktot ng mga dila ng ibang mga Pilipino. Ayun sa Komisyon sa Wikang Filipino, 40 sa mga wika sa bansa ang nanganganib ng mawala dahil sa hindi na ito palasak na nagagamit sa ibang mga kumunidad. Lalo na sa mga liblib at malalayong sulok ng bansa. Maaring hindi na naisasalin at naituturo ng kanilang mga ninuno sa mga bagong henerasyon ang ilan sa mga katutubong wika na kanilang nakagisnan o nakasanayan.

*References:*

https://kwfwikaatkultura.ph/mga-wika-ng-pilipinas/

https://www.thecrimson.com/article/2023/3/24/harvard-teaches-tagalog/?fbclid=IwAR13NeTziwuu6SmhTexBijHuaRjWqDxM7N0HuXsW33fsSUCKrXmxEAH59-A

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan